

# Environmental Justice Council

## Schedule ng Pulong sa Taong 2022 at sa Unang Quarter ng 2023

Alinsunod sa Open Public Meetings Act (Batas sa mga Pulong na Bukas sa Publiko) (kabanata 42.30 Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington)) at sa Administrative Procedure Act (Batas sa Pamamaraan sa Pangangasiwa) (kabanata 34.05 RCW), ang sumusunod ay ang schedule ng mga regular na pulong para sa Washington State Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran ng Estado ng Washington) (Konseho) para sa taong 2022 at sa unang quarter ng 2023. Bukas sa publiko ang mga pulong ng Konseho. Priyoridad ng Konseho ang pagbibigay sa komunidad ng access sa mga pulong at ang pagkakaroon ng katarungan sa wika. Maaaring makipag-ugnayan ang mga miyembro ng publiko sa kawanihan (tingnan sa ibaba) upang humiling ng mga interpreter ng wika sa mga pulong, nakasaling materyal ng pulong, o akomodasyon upang mapadali ang access sa mga pulong at materyal ng Konseho.

Agad na makukuha ang mga agenda para sa mga pulong na nakalista sa ibaba sa pamamagitan ng listserv at ng website ng Konseho (tingnan sa ibaba). Ginagawa ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na updated ang agenda. Gayunpaman, inilalaan ng Konseho ang karapatang baguhin o irebisa ang mga agenda sa pulong.

Petsa ng Pulong	Lokasyon
Kumpirmado: Lunes Abril 4, 2022 2:00pm-6:30pm	Sa Paraang Virtual Lang Sumali sa pulong sa Zoom: <a href="https://us02web.zoom.us/j/85252692400">https://us02web.zoom.us/j/85252692400</a> (nasa wikang Ingles) O kaya, sumali sa pamamagitan ng telepono: +1 253 215 8782 ID ng Pulong: 852 5269 2400

<p>Kumpirmado:  Miyerkules  Mayo 25, 2022  2:00pm-6:30pm  (kumpirmado na ang petsa ng pulong)</p>	<p>Sa Paraang Virtual Lang</p>
<p>Kumpirmado:  Miyerkules  Hunyo 22, 2022  10:00am-3:00pm  (kumpirmado na ang petsa ng pulong)</p>	<p>Sa Paraang Virtual Lang</p>
<p>Iminumungkahi:  Sabado  Agosto 27, 2022  10:00am-3:00pm</p>	<p>Aalamin pa (malaki ang posibilidad na gagawin nang personal nang may opsiyong sumali sa paraang virtual)</p>
<p>Iminumungkahi:  Huwebes  Oktubre 27, 2022  3:00pm-7:30pm</p>	<p>Sa Paraang Virtual Lang</p>
<p>Iminumungkahi:  Martes  Disyembre 13, 2022  2:00pm-6:30pm</p>	<p>Sa Paraang Virtual Lang</p>

Iminumungkahi: Martes Pebrero 28, 2023 3:00pm-7:30pm	Aalamin pa
Iminumungkahi: Miyerkules Abril 26, 2023 2:30pm-7:00pm	Aalamin pa

Maaaring magbago ang oras at ang mga lokasyon batay sa pangangailangan. Tingnan ang [Environmental Justice Council | WaPortal.org](https://www.wa.gov/EnvironmentalJusticeCouncil) (nasa wikang Ingles) para sa pinakabagong impormasyon. Makipag-ugnayan sa kawanihan ng Konseho sa [envjustice@ejc.wa.gov](mailto:envjustice@ejc.wa.gov) o sa 360-584-4398.

Huling na-update noong 04/26/2022

<b>Mga Agenda, Materyal, at Tala ng Pulong</b>
<a href="#">Agenda</a> Recording ng Pulong Mangyaring mag-email sa <a href="mailto:envjustice@doh.wa.gov">envjustice@doh.wa.gov</a> gamit ang anumang wika o tumawag sa 360-584-4398 (may makukuhang interpretasyon sa telepono) upang humiling ng nakasalang bersyon ng mga materyal o tala ng pulong

## HOME PAGE

Napakadalas, ang mga komunidad na pinakamalubha at pinakamadalas na naapektuhan ng mga panganib sa kapaligiran sa estado ay walang sapat na malinaw at mabisang mekanismo para matugunan ang kawalan ng katarungang pangkapaligiran. Nagbibigay ang konseho ng forum kung saan mapapakinggan ang boses ng mga komunidad na ito, na hindi balanseng naapektuhan, upang magsilbing batayan ng pagsisikap ng estado para sa katarungang pangkapaligiran.

### Mga Layunin at Responsibilidad

Layunin ng Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran) na payuhan ang mga ahensiya ng estado kung paano isusulong ang katarungang pangkapaligiran sa mga aktibidad ng ahensiya. Kasama sa mga partikular na tungkulin ng konseho ang sumusunod:

- Magbigay ng mga rekomendasyon sa estado tungkol sa pagpapatupad ng mga kinakailangan para sa katarungang pangkapaligiran gaya ng pagtatasa sa katarungang pangkapaligiran, plano sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, at plano ng estratehiya.
- Bumuo ng patnubay sa pagtukoy sa mga komunidad na may labis na pasanin at sa paggamit ng mapa ng pagkakaiba-iba ng kalagayan ng kapaligiran.
- Subaybayan ang progreso tungo sa pagkakapantay-pantay sa larangan ng kalusugan at sa pagtiyak na nakakamit ang katarungang pangkapaligiran sa buong Washington.
- Magbigay ng mga rekomendasyon sa pagbuo at sa pagpapatupad ng mga programa sa klima, kasama na ang mga programang pinopondohan gamit ang kinikita sa carbon.
- Magsilbi bilang forum para sa mga alalahanin at priyoridad sa katarungang pangkapaligiran.
- Magbigay ng mga rekomendasyon sa gobernador at sa lehislatura tungkol sa mga aksiyong nagsusulong ng katarungang pangkapaligiran.

Ang pitong ahensiya ng Estado ng Washington na bumubuo ng mga patakaran at programang pinakadirektang nakakaapekto sa katarungang pangkapaligiran ay dapat sumunod sa Healthy Environment for All Act (HEAL Act, Batas sa Kapaligirang Mabuti para sa Lahat):

- Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura)
- Department of Commerce (Kagawaran ng Komersiyo)
- Department of Ecology (Kagawaran ng Ekolohiya)
- Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan)
- Department of Natural Resources (Kagawaran ng Likas na Yaman)
- Department of Transportation (Kagawaran ng Transportasyon)
- Puget Sound Partnership (Pakikipagtulungan para sa Puget Sound)

Maaari ding magboluntaryo ang iba pang ahensiya ng estado para sumunod sa HEAL Act.

## Awtoridad

Isinabatas ang [Chapter 70A.02 Revised Code of Washington \(Kabanata 70A.02 RCW, Binagong Kodigo ng Washington\)](#) (nasa wikang Ingles) noong Mayo 17, 2021. Inatasan nito ang Department of Health na bumuo at magtalaga ng kawanihan sa Environmental Justice Council. Nakalagay sa batas ang tungkol sa mga miyembro at tungkulin ng konseho, at sa pangangailangan nitong mag-ulat sa Lehislatura.

## Mga Miyembro

Bubuuin ang konseho ng [16 na miyembro](#) (nasa wikang Ingles) na hihirangin ng gobernador. Mayroong puwesto sa konseho para sa mga kinatawan ng komunidad, kabataang kinatawan ng komunidad, mga practitioner sa katarungang pangkapaligiran, tribo, paggawa at negosyo. Ang mga taong interesadong maihirang para maglingkod sa konseho ay maaaring mag-apply sa [website ng Mga Lupon at Komisyon ng Gobernador](#) (nasa wikang Ingles). Isang tao sa ehekutibong antas mula sa bawat saklaw na ahensiya ang maglilingkod bilang tagapag-ugnay na hindi makakaboto sa konseho.

## Mga Kaugnay na Dulugan

[Katarungang Pangkapaligiran](#) (nasa wikang Ingles)

[Task Force ng Katarungang Pangkapaligiran](#) (nasa wikang Ingles)

[Climate Commitment Act \(Batas sa Pagtuon sa Klima\)](#) (nasa wikang Ingles).

[Fact sheet ng Katarungang Pangkapaligiran \(PDF\)](#) (nasa wikang Ingles)

[Fact sheet sa wikang Spanish \(PDF\)](#) | [Fact sheet sa wikang Vietnamese \(PDF\)](#) | [Fact sheet sa wikang Russian \(PDF\)](#)

## Makipag-ugnayan sa amin

[envjustice@doh.wa.gov](mailto:envjustice@doh.wa.gov), 360-584-4398

[Mag-subscribe sa mga update sa email ng Environmental Justice Council](#) (nasa wikang Ingles)

## Mga Miyembro ng Environmental Justice Council

Pangalan: Nichole Banegas

Katungkulan: Kinatawan ng isang negosyong pinangangasiwaan ng saklaw na ahensiya at may mga ordinaryong kondisyon sa negosyo na lubos na apektado ng mga aksiyon ng kahit isang ibang saklaw na ahensiya

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio:

Pangalan: Maria Batayola

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio:

Pangalan: Maria Blancas

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio: Kakatapos lang ni Bb. Blancas ng kanyang degree na Master sa Pampublikong Kalusugan (MPH) sa programa ng Community-Oriented Public Health Practice (Pagsasanay sa Pampublikong Kalusugan na Nakatuon sa Komunidad) sa University of Washington. Bilang miyembro ng pangkat para sa Outreach (Pakikipag-ugnayan), tumutulong siyang magbigay ng suporta sa pakikipag-ugnayan sa komunidad tungkol sa mga proyekto para sa mga manggagawa sa dairy at mga pamilya ng Center. Kasama sa mga dating karanasan ni Bb. Blancas ang pakikipagtulungan sa Promotores de Salud at sa mga manggagawang-bukid para makamit ang pagkakapantay-pantay sa larangan ng kalusugan. Bilang anak ng masisipag na magulang na manggagawang-bukid, si Bb. Blancas ay naninindigan para matiyak na ligtas at malusog ang mga manggagawang-bukid at ang kanilang mga pamilya.

Pangalan: Ang Kagalang-galang na si Patrick DePoe

Katungkulan: Miyembrong kumakatawan sa mga komunidad ng mga tribo mula sa Western Washington

Email Address:

Simula ng Termino: 02/11/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio:

Pangalan: Ang Kagalang-galang na si Jarred-Michael Erickson

Katungkulan: Miyembrong kumakatawan sa mga komunidad ng mga tribo mula sa Eastern Washington

Email Address:

Simula ng Termino: 02/11/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio:

Pangalan: Running-Grass

Katungkulan: Practitioner o akademiko sa katarungang pangkapaligiran na naglilingkod bilang eksperto sa katarungang pangkapaligiran

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio: Si Running Grass ay matagal nang aktibista at edukador para sa katarungang pangkapaligiran at panglahi. Aktibo na siya para sa kapaligiran bago pa maitatag ang kauna-unahang Earth Day noong 1970, nang bilang mag-aaral sa mataas na paaralan, nangampanya siya para magkaroon ng malinis na tubig sa mga look at wawa na malapit sa kanyang bahay. Aktibo siya noong 1970s sa mga kilusan laban sa apartheid, nuclear, at para sa ligtas na enerhiya na nagsisimula pa lang ng panahong iyon. Nakakuha siya ng inspirasyon mula sa mga Quaker na tagapagpalaganap ng kapayapaan at naging tagapagsanay siya sa hindi marahas na sibil na pagsuway, na isinagawa niya kasama ng mga grupong may iisang pakay, sa buong New England. Nanirahan si Running Grass nang tatlong dekada sa San Francisco Bay area kung saan niya pinangunahan ang iba pang edukador sa kapaligiran at manggagawa sa kultura sa pagbuo ng Three Circles Center na isang organisasyong walang layuning kumita, na nanguna sa mga diskarteng nakatuon sa maraming kultura at sa komunidad para sa pagtuturo, pakikipag-usap, at pakikipag-ugnayan sa komunidad tungkol sa kapaligiran. Isa siya sa 300 delegado sa First National People of Color Environmental Leadership Summit (Unang Pambansang Pulong ng mga Pinuno ng mga Taong May Kulay para sa Kapaligiran) noong 1991. Kakaretiro lang niya matapos ang 22 taon bilang Tagapangasiwa para sa Katarungang Pangkapaligiran sa

dalawang rehiyon ng Environmental Protection Agency (EPA, Ahensiyang Tagaprotekta ng Kapaligiran), kung saan niya ginamit ang kanyang husay sa pagtukoy at sa pagtugon sa mga usapin sa Katarungang Pangkapaligiran sa iba't ibang antas ng gobyerno, at sa pagpapalakas sa tinig ng komunidad. Ipinagpapatuloy niya ang kanyang tungkulin sa Three Circles sa pamamagitan ng pagpapayo sa mga institusyong pang-edukasyon at ahensiya ng gobyerno at bilang senior lecturer sa graduate program ng Urban Environmental Education (Edukasyon sa Kapaligirang Panglungsod) sa Antioch University. Si Running Grass ay nakatira, nagtanim, at nagmamahal—nang may buong pasasalamat—sa Puget Sound region, sa tradisyonal na lupain ng Suquamish Tribe.

Pangalan: Rosalinda Guillen

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio: Si Rosalinda Guillen (babae) ay ang tagapagtatag ng Community to Community at nangunguna sa pagbuo ng estratehiya at vision sa pamunuang walang hierarchy at ecofeminist ng C2C. Ang kanyang perspektibo ay pangunahing naiimpluwensiyahan ng pagkamulat niya sa modelo ng pag-oorganisa sa komunidad para sa maraming lahi at manggagawang uri na Rainbow Coalition, modelo ng pagpupulong sa bahay ni Cesar Chavez, The World Social Forum, Landless Workers Movement (MST, Kilusan ng Mga Manggagawang Walang Lupa) ng Brazil at ng kanyang pagiging manggagawang-bukid sa La Conner, Washington (WA) mula pagkabata. Nakapag-organisa na si Rosalinda para sa mga manggagawang-bukid sa Estado ng Washington at sa mga taniman ng strawberry ng Salinas, California (CA). Naikatawan na niya ang mga manggagawang-bukid sa Mga Lehislatura ng California at ng Estado ng Washington at sa mga nagpapatuloy na dayalogo para sa pagbuo ng patakaran at ng Kilusan tungkol sa mga usapin sa imigrasyon, pagbabago ng klima, mga karapatan sa paggawa, mga kasunduan sa pakikipagkalakalan, ecofeminism at sa pagpapalakas sa kilusan para sa soberanya kaugnay ng pagkain tungo sa isang Solidarity Economy (Ekonomiyang May Pagkakaisa).

Pangalan: Aurora Martin

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio:

Pangalan: David Mendoza

Katungkulan: Pangkalahatang kinatawan, kung saan ang nominasyon ay batay sa ginawa at ipinakitang pagsisikap at pagtuon sa katarungang pangkapaligiran

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio:

Pangalan: Ang Kagalang-galang na si Sylvia Miller

Katungkulan: Miyembrong kumakatawan sa mga komunidad ng mga tribo

Email Address:

Simula ng Termino: 3/11/2022

Tapos ng Termino: 7/25/2024

Bio: Ipinanganak at lumaki si Sylvia Miller sa Washington. Siya ay naka-graduate mula sa Stadium High School noong 1977 at nagpatuloy ng pag-aaral sa Tacoma Community College at sa Bates Technical College. Nagtrabaho si Sylvia Miller para sa Puyallup Tribe of Indians bilang tagapangasiwa para sa kabataan, kalihim sa pangisdaan, kalihim tagapagpaganap para sa Tribal Council (Konsehong Pangtribo), direktor ng Job Training Partnership Act (JTPA, Batas sa Pakikipagtulungan para sa Pagsasanay sa Trabaho), dispatcher ng tagapagpatupad ng batas, at katuwang sa pangangasiwa. Nakapaglingkod na siya sa loob ng dalawang termino sa Tribal Council.

Pangalan: Esther Min, PhD, MPH

Katungkulan: Practitioner o akademiko sa katarungang pangkapaligiran na naglilingkod bilang eksperto sa katarungang pangkapaligiran

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio: Si Esther Min, PhD, MPH (babae) ay practitioner sa katarungang pangkapaligiran sa estado ng Washington. Nakatuon ang kanyang trabaho sa pagsulong sa mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran at pangklima sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa komunidad, akademiya at gobyerno sa pananaliksik at pagsasanay sa pampublikong kalusugan. May karanasan siya sa pagbuo ng mga pamamaraang isinulong ng komunidad at mga proyektong nakakatugon sa komunidad mula sa pananaliksik hanggang sa pagsasakatuparan, pagsasagawa ng mga sesyon

ng pakikinig sa komunidad at pagbuo ng mga paraan ng pakikipag-usap tungkol sa mga paksa ng kalusugang pangkapaligiran sa mga komunidad, akademiya, at ahensiya ng gobyerno.

Pangalan: Todd Mitchell

Katungkulan: Kinatawag miyembro o opisyal ng isang unyong kumakatawan sa mga manggagawa sa kalakalan ng pagtatayo ng gusali at konstruksiyon

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio: Si Todd Mitchell ang Tagapamahala ng Negosyo/Kalihim sa Pananalapi para sa Heat & Frost Insulators and Allied Workers Local 7. Mayroon siyang mga akreditasyon mula sa George Meany College of Labor, at mga sertipikasyon para sa Pagtuturo mula sa HFIAW. Siya ang dating direktor ng programang Washington State Helmets to Hardhats (Hardhat Kapital ng Helmet ng Estado ng Washington), kung saan niya tinulungang magtransisyon ang mga miyembro ng serbisyong militar sa mga programa ng apprenticeship sa konstruksiyon sa buong Estados Unidos. Kinikilala si Mitchell sa kanyang pagsisikap na pagsama-samahin ang mga gobyernong Pederal, Pang-estado at Lokal, para sa mga programa ng pagsasanay ng Labor management Cooperative Trust upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga beterano. Sa trabaho, bumuo si Mitchell ng mga panrehiyong pamamaraan sa pagtataguyod ng apprenticeship, na nagparami sa bilang ng mga gawaing naisakatuparan. Tuwing weekend, makikita siya sa kabundukan o sa bukirin kasama ng kanyang Cesky Fousek na si Atli.

Pangalan: Ang Kagalang-galang na si Misty Napeahi

Katungkulan: Miyembrong kumakatawan sa mga komunidad ng mga tribo

Email Address:

Simula ng Termino: 02/11/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2024

Bio: Ginugol ng Miyembro ng Konseho na si Napeahi ang kanyang karera sa paninindigan para sa Tulalip Tribes, at nakahawak na siya ng iba't ibang posisyon sa gobyernong pangtribo at sa casino. Mayroon siyang dalawampu't tatlong taong karanasan sa mga proseso at sistema ng gobyernong pangtribo at bachelor's degree sa Business Administration (Pangangasiwa ng Negosyo) mula sa Columbia College. Ikinatutuwa niyang maglingkod sa kanyang komunidad at gumawa ng mga patakarang naglalaan ng patas na pamamahagi ng mga benepisyo sa lahat ng mamamayan ng mga tribo. Sa kasalukuyan, naglilingkod siya bilang miyembro ng lupon para sa United Way ng Snohomish County. Iginugugol ni Napeahi ang libre niyang panahon kasama ng kanyang pamilya, ng asawang si Jay at ng kanilang tatlong anak. Hilig niyang magbasa at alagaan ang kanyang mga asong sina Ivy at Tito.

Pangalan: Nirae Petty

Katungkulan: Kinatawan ng kabataan

Email Address:

Simula ng Termino: 01/14/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2023

Bio: Si Nirae Petty (babae) ay matagal nang residente ng King County, na ipinanganak at lumaki sa Seattle, WA. Nagsimula siyang mahilig sa adbokasiya at sa paghahanap ng katarungan nang mag-aral sa Rainier Beach High School, kung saan siya naglingkod bilang Pangalawang Pangulo ng Black Student Union (Unyon ng mga Mag-aaral na may Lahing Itim) at Pangulo ng Mga Mag-aaral. Nang mag-major si Nirae sa Sustainable Development sa Western New Mexico University, itinuoon niya ang kanyang pagsisikap sa rasismong kaugnay ng kapaligiran at sa kasaysayan ng environmental justice (EJ, katarungang pangkapaligiran), lalo na sa sariling bayang pinagmulan. Kaka-graduate lang ni Nirae sa Central Washington University, kung saan niya nakuha ang kanyang B.A. sa Law and Justice (Batas at Katarungan), at nakatuon siya sa paglaban sa climate change at sa pagbawas sa lokal at pandaigdigang pagkakaiba-iba ng kalagayan ng kapaligiran. Bilang Tagapamahala ng Programa ng Adbokasiya para sa Urban League of Metropolitan Seattle (ULMS), si Nirae ay tumulong na palawakin ang lehislatibong framework ng ULMS upang maisama ang pagtuon sa katarungang pangkapaligiran, at nagsimula siyang makipagtulungan sa mga lokal na ahensiya at organisasyon upang higit na maisali ang komunidad sa gawain para sa EJ. Naniniwala siya na ang unang hakbang upang matugunan ang hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran ay bigyang-kakayahan ang mahihinang komunidad sa pamamagitan ng edukasyon at representasyon, lalo na sa kabataan at sa mga nakakabatang nasa hustong gulang.

Pangalan: Faaluaina Pritchard

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 01/06/2022

Tapos ng Termino: 07/25/2025

Bio:

Pangalan: Raeshawna Ware

Katungkulan: Kinatawan ng komunidad

Email Address:

Simula ng Termino: 3/11/2022

Tapos ng Termino: 7/25/2025

Bio:

## Mga Tagapag-ugnay ng Ahensiya sa Konseho

David Bayne

Ahensiya: Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Deputy Secretary, Office of Strategic Partnerships (Tanggapan ng Pakikipagtulungan batay sa Estratehiya)

Laura Blackmore

Ahensiya: Puget Sound Partnership (Pakikipagtulungan para sa Puget Sound)

Katungkulan: Executive Director (Direktor na Tagapagpaganap)

---

Tom Burgert

Ahensiya: Washington State Department of Natural Resources (Kagawaran ng Likas na Yaman ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Deputy Chief of Staff (Kinatawang Puno ng Kawanihan)

---

Allison Dane Camden

Ahensiya: Washington State Department of Transportation (Kagawaran ng Transportasyon ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Deputy Assistant Secretary para sa Multimodal Development and Delivery (Pag-develop at Paghahatid sa Maraming Pamamaraan)

---

Michael Furze

Ahensiya: Washington State Department of Commerce (Kagawaran ng Komersiyo ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Assistant Director, State Energy Office (Tanggapan ng Enerhiya ng Estado)

---

Nicole Johnson

Ahensiya: Washington State Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Tagapayo sa Patakaran para sa Pagkakapantay-pantay

---

Millie Piazza

Ahensiya: Washington State Department of Ecology (Kagawaran ng Ekolohiya ng Estado ng Washington)

Katungkulan: Tagapamahala ng Office of Equity & Environmental Justice (Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay at Katarungang Pangkapaligiran)

## Kawanihan ng Environmental Justice Council

Pangalan: Theo Cielos (di-tukoy, babae), MPP

Tagapangasiwa ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Email Address:

Bio: Lumaki si Theo sa mga komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran at tinatanggihan ng serbisyo, at namumuhay siya nang nakakaranas ng kawalan ng katarungan na may kinalaman sa lahi at sa kapaligiran. Dahil dito, sumali siya sa mga kilusang kinabibilangan ng mga nasa ilalim na lumalaban para gibain ang namamayaning kaayusan. Ikinadismaya ni Theo ang tila hindi magaping mga istruktural na hadlang, at ang kawalan ng progreso sa mga tradisyonal na pamamaraan, kaya ninais niyang makibahagi sa proseso ng pagpapasiyang nakakaapekto sa mga resulta sa komunidad.

Nang makatapos ng associate degree sa sosyolohiya sa Seattle Central, nakatanggap naman si Theo ng degree sa environmental science (siyensiyang pangkapaligiran) sa Smith College. Sa kanyang huling taon sa Smith, nag-aral si Theo sa UMass Amherst at nakakuha siya ng master's degree sa public policy (pampublikong patakaran). Nagkaroon si Theo ng sayantipikong pag-unawa sa mga usaping pangkapaligiran at ng institusyonal na pananaw sa mga pagkakaiba-iba at patakarang kaugnay ng kapaligiran, na nagbigay sa kanya ng mga kasangkapan upang mapalawak at mahasa ang mga kasanayan niya bilang practitioner sa katarungang pangkapaligiran.

Bilang bahagi ng mga komunidad na minamaliit batay sa kasaysayan, at sa pagtatrabaho sa *Jemez Principles* bilang tagaorganisa para sa komunidad, nalaman ni Theo ang masakit na katotohanan na walang makabuluhang tinig ang komunidad sa patakarang pangkapaligiran at pangklima. Kaya naman, nasasabik na siyang makipagtulungan sa Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran) habang tumutulong tayong isabuhay ang mga salita at bumuo ng mga bagong sistemang mapakikinabangan ng lahat ng tao. Nakatira si Theo sa Central District ng Seattle sa tradisyonal na lupain ng Coast Salish People, kasama na ang Duwamish People sa nakaraan at sa kasalukuyan.

Pangalan: Rowena Pineda (babae), M.Ed.

Tungkulin: Tagapayo sa Katarungang Pangkapaligiran

Email Address:

Bio: Noong 1981, nilisan ni Rowena, ng kanyang ama at kapatid na lalaki ang Pilipinas upang makasama ang kanyang lola, mga tita, tito at pinsan sa San Francisco Bay area. Panganay siya sa 6 na magkakapatid at tumatayong tita ng 9 na pamangkin. Nagsimula si Rowena sa katarungang pangkapaligiran bilang tagaorganisa para sa komunidad na nagsikap para resolbahin ang pagkalason sa lead ng mga batang Black, Indigenous, and People of Color (BIPOC, May Lahing Itim, Katutubo, at Mga Taong May Kulay) sa Oakland, CA noong unang bahagi ng 1990s. Sa paglipas ng panahon, nagsikap siyang tugunan ang iba pang usapin kasama na ang pagkakaroon ng access sa mga dekalidad na programa ng maagang pag-aaral at ang pagpapatupad sa Affordable Care Act (Batas sa Abot-kayang Pangangalaga). Ang pinakahindi malilimitang kampanyang inorganisa sa komunidad na sinalihan ni Rowena ay siya ring pinakapersonal para sa kanya. Patungkol ito sa pagpapabalik sa kanyang ama sa trabaho pagkatapos siyang matanggal

nang hindi makatuwiran.

Lumipat si Rowena sa Spokane kasama ng kanyang pamilya noong 2005. Ang kanyang anak na si Ryan ay naka-graduate sa Lewis & Clark High School, Whitworth University at Gonzaga University School of Law. Bago sumali sa kawanihan ng Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran), si Rowena ay Direktor ng Pakikipagtulungan at Pagkakapantay-pantay sa Komunidad sa United Way ng Spokane County noong 2020-2021 at Tagapamahala ng Programa sa Spokane Regional Health District (Distrito ng Panrehiyong Kalusugan ng Spokane) noong 2010-2020. Sa kasalukuyan, kasali siya sa Lupon ng Mga Direktor ng APIC Spokane at ng YWCA ng Spokane. Itinalaga siya sa Lodging Tax Advisory Committee (Komiteng Tagapayo sa Buwis sa Paninirahan) ng City of Spokane (Lungsod ng Spokane) noong 2020. Natanggap ni Rowena ang kanyang B.A. sa History (Kasaysayan) mula sa Brandeis University at ang kanya namang M.Ed. mula sa Holy Names University.

Pangalan: Sierra Rotakhina (babae), MPH

Tungkulin: Tagapamahala ng Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran)

Email Address:

Bio: Lumaki si Sierra Rotakhina sa isang maliit na liblib na bayan kung saan natatamasa ang kabutihang dulot ng pamumuhay sa may kabundukan (katatagan, malapit na ugnayan sa komunidad, kultura kung saan may pagmamalasakit sa isa't isa ang mga magkakapitbahay, at ang kagandahan ng kapaligiran) kaalinsabay ng kahirapan, kawalan ng access sa mga mapagkukunan at trabaho, at isang ekonomiyang nakasalalay sa turismo ng outdoor na aktibidad. Kinamulatan ni Sierra ang pagkakaroon ng mga tao ng iba-ibang kita, kalusugan, at access sa mga mapagkukunan, at ito ang nagtulak sa kanyang kumuha ng master's degree sa pampublikong kalusugan at ituon ang kanyang karera sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay at katarungan sa mga patakaran, progama, at pananaliksik ng gobyerno ng estado. Bago sumali sa Environmental Justice Council, nakasali muna si Sierra sa Washington State Board of Health (Lupon ng Kalusugan ng Estado ng Washington), sa Interagency Council on Health Disparities (Konseho ng Pagkakaiba-iba sa Kalusugan ng Iba't Ibang Ahensiya) ng Gobernador, sa Washington State Supreme Court Gender and Justice Commission (Komisyon sa Kasarian at Katarungan ng Kataas-taasang Hukuman ng Estado ng Washington), at sa maraming komiteng tagapayo.

Anunsiyo tungkol sa Pulong: Magkakaroon ng pulong ang Environmental Justice Council (Konseho ng Katarungang Pangkapaligiran), mangyaring samahan kami sa [DATE]. Upang humiling ng mga interpreter ng wika sa mga pulong, nakasaling materyal ng pulong, o iba pang akomodasyon, mangyaring mag-email sa [envjustice@doh.wa.gov](mailto:envjustice@doh.wa.gov) gamit ang anumang wika o tumawag sa 360-584-4398 (may makukuhang interpretasyon sa telepono).